



## Pagkapanatay-pantay sa loob ng Pamilya



*(Pambungad na Panalangin)*

### I. ANG TATLONG PAGBASA

#### UNANG PAGBASA (Gn 2:18-24)

<sup>18</sup>SINABI ng Panginoong Diyos: “Hindi mainam na mag-isa ang tao; bibigyan ko siya ng makakasama at makakatulong.” <sup>19</sup>Kaya, lumikha siya ng mga hayop sa parang at ibon sa himpapawid, inilapit sa tao, at ipinaubaya dito ang pagbibigay ng pangalan sa mga iyon. Kung ano ang kanyang itawag, iyon ang magiging pangalan nila. <sup>20</sup>Ang tao nga ang nagbigay ng pangalan sa lahat ng ibon at mga hayop, maging maamo o mailap. Ngunit walang isa man sa mga ito ang angkop na kasama at katulong niya.

<sup>21</sup>Kaya’t pinatulog ng Panginoon ang tao. Samantalang nahihimbing, kinuha niya ang isang tadyang nito at pinaghilom ang laman sa tapat niyon. <sup>22</sup>Ang tadyang na iyo’y ginawa niyang isang babae, at inilapit sa lalaki. <sup>23</sup>Sinabi ng lalaki, “Sa wakas, narito ang isang tulad ko, laman ng aking laman, buto ng aking buto; babae ang siyang

itatawag sa kanya sapagkat sa lalaki nagmula siya.”

<sup>24</sup>Ito ang dahilan kaya iniwan ng lalaki ang kanyang ama at ina upang sumama sa kanyang asawa, sapagkat sila’y nagiging iisa.

Tema: **Ang Kaugnayan ng Mag-asawa**

#### PAGPAPALIWANAG

- Ang Diyos ay isinalarawan bilang isang tao (ayon sa tradisyon ng Yawista).
- Sa bb. 19-20, lumalabas na bigo ang Diyos sa pagbibigay ng angkop na kasama (cf b. 18) ng tao.
- Sa bb. 21-24 isinalarawan ang ikalawang beses na binigyan ng kasama ang tao.
- Ang teksto ay ginagamit, ayon sa pagkaunawa natin at interpretasyon upang ituturo o pahahalagahan ang santidad ng pag-aasawa.

- Hebreo ng asawang lalaki (*ish*)- *issah* (asawang babae).
- Ang ugnayan ng mag-asawa ay itinuturing na katuwang at hindi “sa ilalim” o kaya ay parang “ikalawang miembro” lamang.

### **PAGNINILAY**

Sa kaisipan ng mga Hebreo, sa bawat bagay sa paligid, palaging tinutukoy ang kasarian at kahulugan nito. May tawag sa asawang lalaki (*ish*) at asawang babae (*issah*) at kahit ang mga bagay na pmay pangalan ay tukoy ang kasarian.

Sinisikap ng teksto na ipaliwanag ang simula ng kaugnayan ng pag-aasawa, ngunit sa sa konteksto ng kuwento, ito ay dahil sa usapin ng trabaho (pagbubungkal at pag-aalaga ng bukid).

Ang samahan ng mag-asawa ay tinitingnan na magkatuwang (nagtutulungan).

Ang sino mang pumasok sa ugnayang ito ay kailangang handang magtrabaho (maging mabunga).

Ang tao (ang lalaki) ay kailangang responsable. At ang babae (na asawa) ay tumutulong.

Kapwa ay inaasahang magtutulungan.

Ang teksto ay nagpapaalala sa mga mag-asawa na maging tapat sa kanilang kasama. Tinuturo ang magkakaroon ng isang aswa lamang (*monogamous*).

### **SALMONG TUGUNAN (Slm 127) TAYO NAWA AY BASBASAN NG POON MAGPAKAILANMAN.**

### **IKALAWANG PAGBASA (Heb 2:9-11)**

<sup>9</sup>MGA KAPATID, alam nating si Hesus, bagamat sandaling panahong pinababa kaysa mga anghel, ay binigyan ng karangalan at kadakilaan dahil sa kanyang pagkamatay. <sup>10</sup>Dahil sa pag-ibig ng Diyos, niloob niya na si Hesus ay mamatay para sa ating lahat. Sa pamamagitan ng mga pagtitiis, siya’y pinapaging- ganap ng Diyos na lumikha at nangangalaga sa lahat ng bagay, upang makapagdala ng marami sa kaluwalhatian. Marapat lamang na gawin niya iyon sapagkat si Hesus ang

pinagmumulan ng kanilang kaligtasan.

<sup>11</sup>Si Hesus ang nagpapabanal sa kanila, at iisa ang Ama ng nagpapabanal at ng pinagiging-banal. Kaya’t hindi niya ikinahiyang tawagin silang mga kapatid.

**Tema: Si Hesus at ang mga Bata**

### **PAGPAPALIWANAG**

- Ang teksto ay nagsasaad ng hiwaga ng katauhan ni Hesus.
- Si Hesus, kahit na isang Diyos ay nagpapakumbaba at dumanas ng kamatayan.
- Sa pamamagitan Niya at para sa kanya ang lahat ng bagay ay nagkaroon ng buhay; Siya ang nagpapakasakit upang maganap ang kaligtasan ng lahat.
- Si Hesus ang daan na makapasok sa langit ang mga bata.
- Hinirang niya at itinalaga...
- Hindi niya ikinahihiyang tawagin tayong Kanyang mga ‘kapatid.’
- Ang ginawa ni Hesus (paggawad sa atin ng kaligtasan) ay isang katangi-tanging gawa.

### **PAGNINILAY**

Iginawad kay Hesus ang luwalhati at papuri dahil sa Kanyang pagpapakasakit.

Kahit na Siya ay Diyos, ninais niya na magpapakumbaba, dumanas ng pagpapakasakit at kamatayan (lubos na pagpapakumbaba).

Ito ang kanyang pamamaraan (daan) upang maipatupad ang ating kaligtasan.

Ang kaganapan ng ating kaligtasan ay ang pagkakaroon ng kaluwalhatian.

Ang kaganapan ng kaligtasan ay ang pagtuturing sa isa’t isa na, ‘kapatid.’

Ang maging kabilang na kapatid ni Hesus ay isang dakilang karangalan.

Itinatalaga ni Hesus na tayong lahat ay nagmumula sa Kanya.

### **MABUTING BALITA (Mc 10:2-12)**

<sup>2</sup>NOONG panahong iyon, may mga Pariseong

lumapit kay Hesus. Ibig nilang masilo siya kaya't kanilang tinanong, "Naaayon ba sa Kautusan na hiwalayan ng lalaki ang kanyang asawa?"<sup>3</sup> Tugon niya, "Ano ang utos sa inyo ni Moises?" Sumagot naman sila, "Ipinahintulot ni Moises nahiwalayan ng lalaki ang kanyang asawa matapos bigyan ng kasulatan sa paghihiwalay."<sup>5</sup> Ngunit sinabi ni Hesus, "Dahil sa katigasan ng inyong ulo kaya niya inilagda ang utos na ito."<sup>6</sup> Subalit sa pasimula pa, nang likhain ng Diyos ang sanlibutan: "Nilalang niya silang lalaki at babae."<sup>7</sup> Dahil dito'y iiwan ng lalaki ang kanyang ama at ina, at magsasama sila ng kanyang asawa, at sila'y magiging isa."<sup>8</sup> Kaya't hindi na sila dalawa kundi isa.<sup>9</sup> Ang pinagsama ng Diyos ay huwag paghiwalayin ng tao."

<sup>10</sup>Pagdating sa bahay, ang mga alagad naman ang nagtanong kay Hesus tungkol sa bagay na ito.<sup>11</sup> Sinabi niya sa kanila, "Ang sinumang lalaking humiwalay sa kanyang asawa at mag-asawa sa iba ay gumagawa ng masama sa kanyang asawa— siya'y nangangalunya."<sup>12</sup> At ang babaing humiwalay sa kanyang asawa at mag-asawa sa iba ay nangangalunya rin."

**Tema: Ang Pagkakaisa ng Mag-anak**

## PAGPAPALIWANAG

- May dalawang bahagi ang Pagbasa: bb.2-12, Paghihiwalay at bb. 13-14 , mga Anak (supling)
- Sa unang bahagi, nakita natin na si Hesus mismo ay hindi ayon sa Paghihiwalay ng mag-asawa (Divorce), at binanggit niya ang teksto mula sa Genesis (Unang Pagbasa). Dagdag pa Niya ang mga naghihiwalay at nag-asawang muli ay nagkakasala. Dahil sa hiwalayan, wala nang karapatan ang isa na mag-asawa muli.
- Sa pangalawang bahagi nakikitang kinalulugdan ni Hesus ang mga bata. Mahal Niya sila. Kaya, sa tulong ng turo na ating natutunan noon nakaraan na linggo—na ang mga bata ay ang mga bagong miembro o

bagong bautismo— kailangan natin silang ituturing na kapatid dahil ang kaharian ng Diyos ay sumasakanila. Kailangan nating matulad sa mga bata upang makamtan ang Kaharian ng Diyos.

## PAGNINILAY

Pinatitibay ni Hesus ang kahalagahan ng matrimonio. Ipinakita niya ito sa pamamagitan ng pagsasariwa ng mga Utos bago pa dumating si Moises (makikita sa Genesis. N.b. ang Genesis mismo ay Utos para sa mga Judio).

Tumpak na ang asawa na lalaki ay magpapaalam sa kanyang ina't ama at makikipag-isang dibdib sa kanyang asawa at ang dalawa ay magiging iisa lamang.

Walang sino mang nilalang ang maaring makapaghihiwalay ng ano mang pinag-iisa ng Diyos. Ang matrimonio ay gawa ng Diyos. Walang maaring sumira nito.

Ang paghihiwalay ay hindi puwedeng gawin ng kanyang mga tagapagsunod. Hindi nito maisakatuparan ang kalooban ng Diyos.

Sa ebanghelyo, ang isa pang mahalagang gawain ay kung paano natin itinuring ang mga bata sa ating komunidad.

Hindi sila "walang silbi" o kaya "palamunin" lang. Kailangan natin silang tanggapin nang buong kalooban.

Sila ay nagsasagisag sa mga grupong "excited" na matututo, na makikilala ang ibang tao o kaya grupong kailangan ng kalinga.

Kabilang sila sa katangian ng kaharian ng Diyos; sila ang katangi-tangi sa kaharian ng Diyos.

## II. PAG-UUGNAY

Sa Unang Pagbasa na tungkol sa Pag-aasawa, ang babae ay katuwang ng asawang

lalaki.

Ang Ikalawang Pagbasa ay tungkol sa malaking sakripisyo ni Hesus alang-alang sa ating kaligtasan.

Ang Mabuting Balita ay nagpapahalaga ng kabanalan ng pagsasama ng mag-asawa at ang kahalagahan ng mga pabata sa ating simbahan.

### III. SALAMIN NG BUHAY



1. Noong, Oktubre 7, 1571, naging matagumpay ang mga Kristiyano sa Digmaan ng Lepanto, Europa. Dahil ito sa tulong ng Ina ng Rosaryo. Sa digmaan naman ng La Naval, Manila, naging matagumpay ang mga Pilipinos dahil sa tulong at biyaya ng mahal na Ina.

2. Ang dumadaming mga tao na natutulog sa lansangan. Ano ang pakahulugan nito sa buhay pampamilya?

**- Pagpapaliwanag: Fr. Cielo Almazan, OFM**

-Isinalin ni Br. Hansel Mapayo, SSP

## SEASONALS 2019 ng ST PAULS



### PAMBUNGAD NA PANALANGIN

Kristo, aming Panginoon, Ikaw ang Daan, ang Katotohanan at ang Buhay. Itulot mong makamit namin ang Iyong dakilang pag-ibig sa pamamagitan ng iyong Apostol na si San Pablo at ng Simbahang Katolika. Ipadala Mo sa amin ang Iyong Banal na Espiritu upang maalaala namin ang lahat na Iyong mga ipinangangaral.

*Luwalhati sa Ama, sa Anak at sa Espiritu Santo. Kapara nang sa una, ngayon at magpakailanman at magpasawalang hanggan. Amen.*

**Kung nais po ninyong makatulong sa ating Biblical Apostolate, maari pong magdonate ng legal size na bond paper sa:**

ST PAULS Ads and Promo Office c/o **Rizaldy Cruz**  
7708 ST PAUL Road, San Antonio Village, Makati City  
Tels: 895-37-16; 890-7130

### PANGWAKAS NA PANALANGIN

O Hesus na Dakilang Guro, ikaw ang Salita ng Buhay na walang hanggan. Sumasampalataya kami sa Iyo Panginoon at Katotohanan. Palaguin Mo nawa ang aming pananampalataya. Iniibig ka namin, Panginoon at Daan, nang buo naming lakas dahil iniutos mo sa aming sundin ang Iyong mga Kautusan nang walang pasubali. Nananalangin kami sa Iyo, O Panginoon at Buhay, sinasamba Ka namin, pinupuri Ka namin, at pinasasalamatang dahil sa kaloob mong Banal na Kasulatan. Kasama si Maria, maalala sana namin at mapangalagaan ang Iyong mga Salita sa aming kaisipan at mapagnilay-nilayan ang mga ito sa aming puso.

Panginoong Hesus, ang Daan, ang Katotohanan, at ang Buhay, maawa Ka sa amin.  
*Luwalhati...* (mula sa *Prayers of the Pauline Family*)